Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

Fi'le
9-27-10

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG SETYEMBRE 6, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 161-T-2010

## KAPASIYAHANG KINUKUPKOP ANG PETSA OKTUBRE 5 NG BAWAT TAON SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA BILANG ARAW NG MGA GURO NA KUMIKILALA SA KADAKILAAN NG KANILANG PROPESYON AT KONTRIBUSYON SA PAGLINANG SA KAISIPAN NG ATING MAG-AARAL AT HIGIT SA LAHAT SA PAG-UNLAD NG BAYAN

**SAPAGKA'T,** mahalagang kilanlin ang mga guro sa bayang ito bilang tagapagturo at tagapagmulat sa tamang disiplina at kabutihang asal sa murang isipan ng mga bata hanggang sa paglaki at makatapos ng pag-aaral;

**SAPAGKA'T**, ang pagiging guro ay isang dakilang propesyon at may malaking bahaging ginagampanan sa pag-unlad ng bayang ito;

**SAPAGKA'T,** ang Sangguniang Bayan ay sumusuporta sa Presidential Proclamation No 479 na nagtatakda ng Pambansang Araw ng mga Guro tuwing Oktubre 5 bawat taon bilang pagpupugay sa lahat ng mga guro sa bansa.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laarni A. Malibiran (Tagapamuno ng Lupon sa Edukasyon), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG :** Kupkupin ang petsa Oktubre 5 bawat taon sa bayan ng Santa Cruz, Laguna bilang Araw ng mga Guro na kumikilala sa kadakilaan ng kanilang propesyon at kontribusyon sa paglinang sa kaisipan ng ating mag-aaral at higit sa lahat sa pag-unlad ng bayan.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Kagawaran ng Edukasyon at Kultura sa Ika-apat na Distrito ng Laguna, lahat ng pribado at pampublikong paaralan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

Jeannette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:
**LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan